Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

TANGGAPAN NG KALIHIM NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG IKA-104 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG AGOSTO 10, 2015

MGA DUMALO:

Kgg. Andre Favian D. Santos - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KONSEHAL

Kgg. Wilfredo D. Diaz - - - - - Majority Floor Leader
Kgg. Jun Bob J. dela Cruz - - - - - Minority Floor Leader

Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Irma G. Celones
Kgg. Marlon O. Villamar
Kgg. Kristoffer M. Nieto (Ex-Officio, Liga)
Kgg. Allane T. Sayo
Kgg. Arnold T. Papa
Kgg. Mark Joseph L. Guillermo

KAUTUSANG BAYAN BLG. 786

Ipinanukala ng May-Akda: Pangalawang Punong Bayan Andre Favian D. Santos, Konsehal Jun Bob J. dela Cruz, Divina E. Reyes, Allane T. Sayo, Irma G. Celones, Arnold T. Papa, Marlon O. Villamar, Mark Joseph L. Guillermo, Wilfredo D. Diaz at Joselito A. Ventura

KAUTUSANG BAYAN
NA NAGBIBIGAY NG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA SA MGA KAGAWAD NG BARANGAY AT PUNONG BARANGAY NA NAHALAL NG TATLONG (3) SUNOD NA TERMINO AT ANG PAGLAAN NG PONDO PARA DITO.

Iniaatas ng Sangguniang Bayan, na:

Seksiyon1.LAYUNIN: Ang pagkilala at pagbibigay ng pagpapahalaga ay upang maging paraan para mahikayat ang mga halal na barangay officials na magsumikap at pagbutihin ang kanilang paglilingkod upang maitaas ang antas ng serbisyo sa barangay ng kanilang nasasakupan.

Seksiyon 2. Ang kautusang ito ay makilala bilang " **BARANGAY THREE TERMER AWARD**"

Seksiyon 3. Ang mga pagkakalooban ng pagpapahalaga at pagkilala ay ang mga nahalal ng tatlong sunod na termino.

A. Punong Barangay
   A.1 Pagkakalooban ng Plake ng Pagkilala
   A.2 Insentibong Pinansyal

B. Kagawad ng Barangay
   B.1 Pagkakalooban ng Plake ng Pagkilala
   B.2 Insentibong Pinansyal

PANGKARANIWANG PULONG
KAUTUSANG BAYAN BLG. 786

Seksiyon 4.PONDO: Ang pondo ay magmumula sa Annual Budget ng Pamahalaang Bayan ng Marilao.

Seksiyon 5.PATAKARAN AT ALITUNTUNIN: Ang Tanggapan ng Punong Bayan katuwang ang Local Finance Committee ay inaatasan magsagawa ng alituntunin at patakaran ukol sa pagkakaloob ng insentibong pinansiyal at sa pagpapatupad nito.

Seksiyon 6. PAGKAKABISA: Ang kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung araw (30) matapos ang kautusang ito ay mapagtibay.

PINAGTIBAY, Agosto 10, 2015.

PINAMUNUAN:

ANDRE FAVIAN D. SANTOS
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

PINATOTOHANAN:

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: AUG 18, 2015
Petsa

JUANITO H. SANTIAGO
Punong Bayan

PAGPAPATUNAY

Pinatutunayan ko na ang kautusang bayang ito na pinagtibay sa ikatlong pagbasa noong Agosto 10, 2015 ay lubos na naipasa sa naturang petsa.

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan